**TEST I. PANUTO:** Suriin ang bawat sitwasyon at tukuyin kung anong karapatan ang pinapakita nito. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| **Likas na Karapatan** | **Karapatang Pampulitika** | **Karapatang Panlipunan** |
| **Karapatang Sibil** | **Karapatan ayon sa Batas (Statutory)** | **Karapatan ayon sa Konstitusyon** |

1. Si Monica ay ipinanganak at lumaki sa isang pook na may malalayang kalikasan. Wala siyang hadlang upang mangarap at maghanap ng pag-ibig sa buhay, at patuloy niyang nilalayon ang mga bagay na magpapasaya sa kanya. Anong uri ng karapatan ang mayroon si Andrea na nagbibigay sa kanya ng kalayaan upang magsimula ng sarili niyang buhay at umibig?

______________________________________________

2. Si Samuel ay nahuli ng mga awtoridad dahil sa isang insidente, ngunit hindi siya pinagbawalan na magpahayag ng kanyang saloobin at ipagtanggol ang sarili sa harap ng hukuman. Anong uri ng karapatan ang ipinagagamit kay Mario upang mapanatili ang kanyang kalayaan at ari-arian?

______________________________________________

3. Si Nick ay nakatakdang bumoto sa nalalapit na eleksyon upang pumili ng mga lider ng kanilang bansa. Pinapayagan siya ng Saligang Batas na magamit ang kanyang boto. Anong uri ng karapatan ang ipinagagamit kay Nick upang makilahok sa halalan at makapagdesisyon sa mga lider ng bansa?

______________________________________________

4. Si Pamela ay nagtatrabaho sa isang kumpanya at may karapatang makuha ang kanyang sahod ayon sa itinakdang batas ng paggawa. Kung sakaling magbago ang mga patakaran ng kumpanya o batas, maaaring magbago ang kanyang karapatan. Anong uri ng karapatan ang mayroon si Pamela na nakapaloob sa mga umiiral na batas at maaaring magbago batay sa bagong mga patakaran?

______________________________________________

5. Si Maria, isang guro, ay tumulong sa isang proyekto sa komunidad upang magbigay ng libreng edukasyon sa mga batang hindi kayang mag-aral. Ito ay isang hakbang upang matulungan ang kanyang kapwa. Anong uri ng karapatan ang ipinagagamit kay Maria upang makipag-ugnayan at magbigay ng tulong sa iba sa kanilang komunidad?

______________________________________________

LIVEWORKSHEETS

**TEST II. PANUTO:** Isulat ang **TAMA** kung tama ang pahayag at **MALI** kung hindi.

_________1. Mahalaga na dapat sundin ang batas dahil ito ay tungkulin ng bawat mamamayan.

_________2. Maging tapat sa pamamahayag at laging tiyakin na tama ang balita na inyong iniuulat.

_________3. Lahat tayo ay may karapatan magbigay ng opinyon kaya't hindi mo pakikinggan ang opinyon ng iba.

_________4. Maging mapagmahal, hindi lamang sa inyong pamilya kung hindi pati sa inyong kalaro at kamag-aral.

_________5. Karapatan ng bawat Pilipino ang makinabang sa likas-yaman ng bansa pero tungkulin naman nating pangalagaan ito.

**TEST III.** Bilang isang mag-aaral, maglista ng limang gampanin na dapat mong gampanan.

**1.**___________________________________________

**2.**___________________________________________

**3.**___________________________________________

**4.**___________________________________________

**5.**___________________________________________

**TEST IV.** Sagutin ang katanungan sa ibaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng maikling paliwanag na hindi bababa sa dalawang **(2) pangungusap. (5 points)**

**Paano mo maipapakita ang iyong kagalingan pansibiko upang magampanan mo ang iyong gampanin bilang isang aktibong mamamayang Pilipino?**

*(How can you demonstrate your civic excellence to fulfill your role as an active Filipino citizen?)*

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

| PAMANTAYAN | | | |
|---|---|---|---|
| **Advanced (5)** | **Proficient (4)** | **Approaching Proficiency (3)** | **Developing (2)** |
| Napakahusay: Ipinakita ang malalim na pang-unawa sa paksa, may detalyadong paliwanag na walang pagkakamali, at natapos ang gawain na may dagdag na inisyatiba o pagpapahusay. | Mahusay: Malinaw na naipaliwanag ang paksa, may iilang maliit na pagkakamali, ngunit sapat at kumpleto ang mga sagot at gawain. | Katamtaman: Naipakita ang pangunahing pang-unawa, ngunit kulang sa detalye at may ilang hindi malinaw na bahagi; may mga bahaging hindi natapos o nakumpleto. | Nagsisimula: May kakulangan sa pang-unawa, maraming bahagi na hindi malinaw, at may mga maling impormasyon; hindi natapos ang gawain o may malalaking kulang. |

LIVEWORKSHEETS